
THE CURSED HEALER REVISITED
FATHER RAZE
VICTORIA AMOR

# Father Raze



VICTORIA AMOR

***Present***

AMOY ng dugo?

*Nakita ni Crystal ang sarili sa hindi pamilyar na hallway. Madilim ang lugar at may masamang amoy. Kung tama ang sense of smell niya, dugo at nabubulok nang laman ang pinanggagalingan ng mabahong amoy.*

*Ano'ng ginagawa niya sa lugar na iyon? Paano siyang napunta roon nang mag-isa? Nasaan ang mga kapatid niya? Ang mga kaibigang Fedeo? Si Father Raze?*

*Biglang kumabog ang dibdib ni Crystal. Hindi niya gusto ang kabog na iyon. Parehong kabog iyon na naramdaman niya noong*

*naabutan niyang sugatan si Father Raze at bihag ng kadena. Kabog ng panganib iyon, na nararamdaman lang niya kapag may mahal sa buhay siyang napahamak.*

*Huminto ang mga paa niya nang makita ang saradong pinto sa dulo ng hallway. Lumakas ang kabog sa kanyang dibdib. Sino na naman ang inosenteng nadamay dahil sa kanya? Ang nahatak sa sinasabi nilang nakatakda niyang tadhana?*

*Nakarinig siya ng malakas na halakhak ng isang lalaki. Tawang parang nagdiriwang. Tunog marumi, walang bahid ng saya.*

*Huminto si Crystal at naghanap ang mga mata sa paligid. Walang tao. Sa isip lang ba niya narinig ang tawang iyon?*

*Mas nasagap niya ang masamang amoy. Parang mas napalapit siya sa lugar kung saan iyon nanggagaling.*

*Bumukas ang saradong pinto na katapat na niya. Kinailangang takpan ni Crystal ang ilong at bibig para makayanan niya ang ilang*

*segundo pa na hindi siya magsusuka.*

*Muntik na siyang sumigaw nang makita ang dalawang duguang bangkay sa sahig. At sa bahagi ng kuwarto na inaabot ng malamlam na liwanag, nakita niya ang pigurang nakatungo, nakaluhod ang isang tuhod habang nakadipa ang mga brasong nakakadena.*

*Umungol ang pigura, tunog iyon ng isang hayop na nakaamoy ng bagong dating. Umungol uli ito nang mas malakas bago nag-angat ng mukha.*

*Shocked na napaatras si Crystal, nanlaki ang mga mata. Literal siyang hindi huminga pagkakita sa mukha ng taong nakagapos ng kadena.*

*"Oh, God…"*

*Nag-unahang tumulo na ang malalaking patak ng luha niya. Para siyang sinakal ng malupit na kamay. Nanikip ang dibdib niya sa sidhi ng emosyon.*

*Sa mga kasunod na sandali, nakalugmok na si Crystal sa sahig at iyak nang iyak. Hindi na*

*niya magawang mag-angat ng tingin para titigan si Rock—na base sa pag-ungol ay hindi na siya kilala.*

*Pakiramdam niya, nawawasak siya sa bawat segundo sa nakikita—na duguan ang buong katawan ni Rock at umuungol ito na parang hayop, pula ang mga mata at may matutulis na ngipin.*

*Pumuno sa buong kuwarto ang nanlulumo niyang sigaw ng pagtutol. Sumigaw siya nang sumigaw kasabay ang ramdam niyang pag-iinit ng buong katawan. Pinakamalakas ang init sa kanyang dibdib.*

*At mula sa puso, pakiramdam niya ay sumabog ang isang uri ng puwersa—na kumalat sa buong katawan niya at sinakop siya.*

*Nakita niya ang sarili na binalot ng nakasisilaw na pulang liwanag…*

Nagising si Crystal. Mabilis na mabilis ang pintig ng kanyang puso. Binuksan niya ang lamp sa tabi ng kama at hinagilap ang cell phone para tawagan si Rock.

Tatlong attempt na ang nagawa niya ay wala pa ring tumatanggap ng tawag.

Hindi man niya gusto ay nagsimulang gumapang ang kilabot sa buo niyang katawan. Hindi niya gusto ang panaginip na iyon, ang kabog sa dibdib at ang kakaibang pakiramdam na naroon pa rin hanggang sa kanyang paggising.

MAY TALA na ang Puting Anino. Ang tagal na nakatitig lang si Irisha sa huling pahina. Tatlong pahina ang mga bagong impormasyon—mula kay Deane, mula kay Ruth, at ang huli, mula kay Rikk.

Naging malinaw na sa kanya ang papel na gagampanan ng mga mortal sa tadhana nilang mga Fedeo. Napalabas na nina Deane at Ruth ang impormasyon, gayundin ang magkakapatid na Magdiwa.

Ang huling pahina sa Puting Anino—ang impormasyon na napalabas ni Rikk—ay

ginulat nang husto ang puso niya. Hindi handa si Irisha. Hindi siya handang mabasa ang mga salitang iyon na mabigat ang mensahe.

Ilang ulit pa niyang binasa iyon; gustong umasang nalilinlang siya ng sariling mga mata pero hindi, walang nagbago sa nabasa niya. Mga mabibigat na linyang parang hiwa ng *jara* ang epekto sa puso.

Ilang segundo pa siyang umasa na mabubura ang impormasyon.

Pero hindi. Nanatili ang mahalaga at masakit na tala sa Puting Anino.

Ilang segundo pa, nakalapat na ang kamay ni Irisha sa dibdib. Ramdam niya ang negatibong enerhiyang nagbabantang sumakop sa kanya.

"Imang…"

Bakit kailangang ipasa sa kanya ang mabigat na responsibilidad?

Minsan pa niyang binasa nang buo ang nasa pahina ng Puting Anino.

"Buhay para sa buhay…"

Mahigpit na hinawakan ni Irisha ang pahina at pinunit. Kasabay ng pagpatak ng mga luha, ilang beses pa niyang pinunit ang papel hanggang sa wala nang maaaring makabasa pa.

Kasabay ng pagbitaw niya sa mga piraso ng punit na papel, nanghina ang Gabay. Umiikot na ang paligid sa paningin niya.

Lumapat sa sahig ang mga piraso ng punit na pahina ng libro kasabay ng walang malay na katawan ni Irisha.

# Chapter 1

***Past***

*"ABANGAN mo ang paglabas ng tanda, apo. Magaganap na sa mga susunod na araw ang itinakda."*

*Narinig na naman ni Crystal ang boses. Pamilyar iyon pero may kabang hatid sa kanyang puso. Tinatawag ng boses ang pangalan niya. Hindi man niya nakikita ang babae, alam ni Crystal kung sino iyon. Kilalang-kilala niya ito. Hindi niya maaaring ipagkamali sa iba ang boses na iyon—at lagi na, ang kasunod ng pagtawag at mensahe ay eksenang pamilyar na*

*rin sa kanya.*

*"Lola? `Andito po ako! Nasaan kayo?"*

*Nakita ni Crystal ang sariling nasa gubat. Naroon na naman siya sa lugar na naging pamilyar na rin. May matatayog na puno, na ang mga dahon ay sumasabay sa ihip ng hangin. Tumatagos sa pagitan ng mga dahon ang sinag ng buwan. Ramdam din niya ang haplos ng hangin—ang lamig na humahalik sa balat niya.*

*"Lola?" Inikot niya ang paningin sa paligid. Walang tanda na may kasama siya. Tahimik na tahimik ang gubat. Naglakad si Crystal, hinahanap sa paligid si Lola Liway. "Lola Liway!" Mas malakas na ang pagtawag niya.*

*Katahimikan ang sumagot sa kanya. Nagpatuloy si Crystal sa paghahanap pero ang mabining tunog na lang ng hangin, ang paghampas ng mga dahon sa isa't isa, at huni ng kuliglig ang narinig niya.*

*Mag-isa na naman siya sa gitna ng gubat. Sa gubat kung saan ay lagi niyang nakikita ang*

*sarili na parang naliligaw sa dilim. Hindi niya alam kung bakit siya naroon.*

"Abangan mo ang paglabas ng tanda, apo. Magaganap na sa mga susunod na araw ang itinakda."

*Parang nag-echo ang boses sa isip niya. Niyakap na naman siya ng malamig na hangin. Ang mensaheng iyon ang huling sinabi sa kanya ni Lola Liway bago ito namatay.*

*At gaya ng inaasahan ni Crystal, sa kasunod na eksena ay nakita na naman niya ang anino. Hindi man sapat ang liwanag sa kinaroroonan niyon, malinaw ang pigura. Matangkad na taong nakaitim; nakasaklob sa ulo ang hood ng suot na nagtatago ng mukha nito.*

*Bumilis ang tibok ng kanyang puso—ang pamilyar nang kabog na naroon lagi tuwing nakikita niya ang misteryosong anino.*

*"Ahhh! Ahhh…"*

*Napahawak siya sa dibdib nang maramdaman ang kirot doon. Ang pintig ng puso niya ay parang may kakambal nang kirot.*

*Ramdam na ramdam ni Crystal ang pagguhit ng sakit sa kanyang dibdib. Parang may patalim na bumabaon at humihiwa; na para bang nag-uukit ng kung ano sa tapat mismo ng kanyang puso.*

*Ang ungol niya ay naging sigaw na sa mga kasunod na sandali.*

BUMALIKWAS ng bangon si Crystal. Pawisan siya at hinihingal. Paulit-ulit niyang hinagod ang dibdib na naninikip pa rin. Hindi iyon ang unang pagkakataon na napanaginipan niya ang eksena.

Mula nang mamatay si Lola Liway noong fifteen years old siya, ilang beses na siyang dinalaw ng parehong panaginip. Pagtuntong niya sa eighteen three days ago, magkakasunod na gabi na ang kanyang panaginip. Panaginip na may iisang pamilyar na tauhan, ang anino. Ang kaibahan lang sa mga dati niyang panaginip, may kasamang

mensahe ng lola niya.

*Ang tanda?*

Ipinikit niya ang mga mata habang hinahagod pa rin ang dibdib. Parang mas malala ang kirot sa puso niya nang sandaling iyon.

*Lola, may gusto po ba kayong sabihin?*

Pakiramdam ni Crystal ay isang sumpa ang pinagdadaanan niya. Sumpa na naging apo siya ni Liwayway Rosario, isang kilalang manghuhula. Sa taglay na kakayahan, hinangaan ng ilan si Lola Liway, habang mas kinatakutan ng marami. Isinumpa man ng ibang tagabaryo Maglinao ang matanda, saksi si Crystal na hindi ito masamang tao.

Kung may hindi man siya gusto, ang pakiramdam na parang minana niya ang ilang kakayahan nito gaya ng talas ng pakiramdam at isip; nagagawa niyang basahin ang nasa isip ng isang tao kapag natitigan niya iyon. Malakas din ang pakiramdam niya kapag may panganib sa paligid. Hindi rin siya basta

maloloko ng mga mapanlamang sa Maglinao; alam niya kasi agad kung nagsisinungaling ang taong kausap niya.

Ang mga kakayahang iyon ang mas nagdidiin ng pakiramdam na naiiba siya. Salamat sa mga taong tumanggap sa kanya pagkamatay ni Lola Liway, nabuhay siya nang normal. Iba man sa mga kaedad, kahit paano ay may hatid na kapayapaan sa kanya ang pagtanggap ng mga taong itinuturing niyang bagong pamilya—ang mga kasamahan niyang naglilingkod sa simbahan.

Sumandal si Crystal sa gilid ng papag. Sunod-sunod ang paghugot niya ng hininga. May positibo rin namang dulot sa kanya ang pagiging apo ni Lola Liway; ilag sa kanya ang karamihan sa baryo dahil iniisip ng mga itong ipinamana sa kanya ng matanda ang kapangyarihan. Takot din maging ang tropa ng mga hoodlum sa Maglinao na kantiin siya dahil baka bumalik daw ang Lola niya mula sa hukay at parusahan ang sinumang mananakit

sa kanya.

Karamihan sa mga tagabaryo ay naniniwalang itim na kapangyarihan ang taglay ni Lola Liway. Mangkukulam na may malakas na kapangyarihan, iyon ang reputasyon nito. Hindi man maikakaila ang totoo na halos kalahati ng populasyon ng Maglinao ay natulungan nito, hindi pa rin nawawala ang mga taong mapanghusga na hindi makita ang kabutihang iyon.

Saksi si Crystal sa kabutihan ni Lola Liway. Walang ginawang masama ang Lola niya. Nanggagamot lang ito ng mga taong lumapit at naniwalang matutulungan ng kakayahan nito. Natatandaan niyang ang gamit lang nito noon ay dahon at ugat ng mga halamang-gamot sa paligid nila. Naniniwala rin siyang bihasa ang matanda sa paggamit ng orasyon—na hindi niya alam kung saan nito natutuhan. Ang malinaw lang, totoong nakagagaling ang mga nakita niyang piraso ng mga paper na may mga nakasulat na

magulong linya lang, na idinidikit ng maysakit sa katawan ng mga ito. Nakita rin niyang sa isang simpleng pag-ihip lang, para bang nagiginhawahan na ang mga maysakit na nagpapapagamot kay Lola Liway. Nagagawa rin nitong palayasin ang masamang espiritu sa isang lugar o sa katawan ng tao.

Liban sa panggagamot, may kakayahan din si Lola Liway na makita ang eksenang mangyayari pa lang. Tanda ni Crystal na hindi ilang beses niyang narinig na binanggit nito ang isang eksena bago iyon nangyari. May ilang beses pang mas una niyang nalaman ang aksidente bago iyon nangyari—dahil sa kakayahan ni Lola Liway.

Mula bata pa si Crystal, kinukuwentuhan na siya ng matanda ng iba't ibang kuwento ng hiwaga at kababalaghan. May isang kuwentong tumatak sa kanyang isip dahil sa pagbanggit nito na bahagi siya ng kuwentong iyon.

Twelve years old lang si Crystal nang

panahong iyon.

*"Ang mga ninuno ko ay dito na isinilang sa Maglinao, apo."*

Naalala niyang pagkukuwento nito habang nasa balkonahe sila ng kubo. Ang maliit na bahay-kubong iyon sa gitna ng gubat ang tirahan nila. Maraming beses na tinanong ni Crystal si Lola Liway kung bakit nasa gubat sila at hindi sa lugar na maraming kapitbahay. Iisa lang ang sagot nito: na kaibigan daw nito ang kalikasan; na mabuting kaibigan raw iyon kaysa sa mga kapitbahay na binanggit niya. Hindi man naintindihan ng batang isip niya noon, naniwala at nagtiwala siya kay Lola Liway.

Totoo naman kasi na nasa gubat man sila, ligtas siyang lumaki.

*"Kukuwentuhan kita ng isang alamat, hija."*

*"Alamat po?"*

*Tumango si Lola Liway. "Isang kuwentong naging iba't iba man ang bersiyon dala ng pagpapalit-palit ng henerasyong nakarinig, at*

*maaaring wala nang naniniwala sa panahong ito dala ng moderno nang pamumuhay sa siyudad, gusto kong pakatandaan mo ito at huwag kalilimutan. Mahalagang alam mo ang detalye upang nang sa ganoon, sa pagdating ng panahong wala na ako at maharap ka sa sitwasyong kailangan mong maintindihan, alalahanin mo ang araw na ito."*

*"Tungkol saan po ang alamat, Lola?"*

*"Sa mga nilalang sa dilim," sabi nito at tumingala sa buwan na para bang doon nito mababasa ang karugtong ng kuwento. "Na iniisip ng ilan na kathang-isip lamang, apo."*

*"Nilalang sa dilim?"*

*"Naganap ang kuwentong ito maraming dekada na ang nakaraan, Crystal. Makinig kang mabuti dahil mahalagang malaman mo ang kuwento nila."*

*Nakinig lang siya. Gusto niya ang kahit anong kuwento ni Lola Liway.*

*"Noon ay isang tahimik at payapang baryo ang Maglinao. Ang mga tao rito ay nabubuhay*

*nang kontento kahit malayo sa siyudad. Magkakakilala sila at nagtutulungan. Wala pa ang gulo at mga hindi pagkakaintindihan. Wala rin ang mga kasamaang hatid ng mga pusong mapaghangad. Maayos at payapa rito bago nagbago ang lahat, noong dumating ang isang pamilyang dayo."*

*"Sila po ang mga nilalang sa dilim?"*

*"Makinig ka munang mabuti at huwag magtanong," saway nito. "May binatilyong anak ang mag-asawang dayo. Marahil ay sa banyagang anyo at salita, naging ilag sa kanila ang mga tagabaryo. Ang ilan naman na sumubok kaibiganin sila ay nabigo rin. Sinadya ng pamilyang ilayo ang sarili sa mga tao rito. Pinili nilang sa gubat tumira. Tahimik silang namuhay na ang kalikasan lang ang saksi sa kung paano lumilipas ang mga araw nila."*

*Hindi na nga nagtanong si Crystal. Nakinig na lang siya habang binubuo sa isip ang eksena sa kuwento nito.*

*"Ang katotohanang wala naman silang*

*inaabala at ginugulong tao ang rason kung bakit hinayaan sila ng mga tagabaryo na manatili sa Maglinao. Maayos ang lahat bago ang linggong nagsunod-sunod ang mga kakaibang pangyayari dito. Ginambala ng mga misteryosong kamatayan ang katahimikan ng Maglinao. Sa mga unang linggo ay mga hayop sa gubat ang sunod-sunod na natagpuang patay. Kumalat ang balitang may halimaw na gumagala sa gabi at pumapatay. Nabalot ng takot ang buong baryo. Lalo nang naghari ang pangamba at takot sa mga tao nang hindi na lang hayop ang mga namatay; may mga taong biktima na ang sinasabing halimaw. Nagkasunod-sunod na ang mga biktima pero ang itinuturong halimaw ay nanatiling walang pagkakakilanlan."*

*Hindi alam ni Crystal kung bakit kumabog ang dibdib niya. Ang eksenang ikinukuwento ni Lola Liway, na binubuo niya sa isip ay naging parang totoong eksenang nakikikita na niyang may buhay—mga taong hinahabol ng itim na*

*halimaw at walang-awang pinapatay. Bigla siyang pumikit, pilit itinaboy ang eksena sa isip.*

*"Lahat ng biktima, may mga marka ng kagat sa leeg, apo. Dalawang butas na para bang bumaon ang matulis na pangil."*

*Napatakip siya sa bibig. "Sinipsip po ng halimaw ang mga dugo nila?" usisa niya, base iyon sa naririnig niya sa kuwentong katatakutan.*

*Marahang tumango si Lola Liway. "Inakala ng lahat na ang pamilyang dayo ang may gawa ng mga pagpatay dahil tahimik ang baryo bago sila dumating. Mabilis ang naging pag-aksiyon ng mga tagabaryo. Bumuo ng grupo ang mga kalalakihan. Layunin nilang hanapin at puksain ang halimaw na gumagala raw sa dilim. Inabangan nila ang pagpapakita niyon nang kumagat ang dilim."*

*"Nahuli po nila?"*

*"Karamihan sa grupo ay napatay. Natuklasan ng ilang nakaligtas na hindi lamang daw isang nilalang kundi isang grupong*

*walang-awa kung pumatay. Hindi sila mga ordinaryong tao. Mga malalakas na nilalang na walang mukha sapagkat mabibilis silang gumalaw sa dilim. Ang mga kalalakihan ng baryo ay walang kalaban-laban sa bilis at lakas nila. Naging mga saksi ang mga nakaligtas sa pag-atake ng halimaw. Napagtanto nila na walang laban ang ordinaryong tao sa mga nilalang na gumagala sa dilim."*

*"Kawawa naman sila…"*

*"Pinanghinaan na ng loob ang grupo ng kalalakihan sa baryo dahil sa kuwento ng mga nakaligtas. Ang huling pag-asa nila ay ang aking abuelo, apo. Isa siyang kilalang manghuhula at manggamot. Binatilyo pa noon ang ama ko at kasa-kasama ni Lolo sa lahat ng lakad. Likas na matapang si Lolo Lucio. Hindi rin siya basta naniniwala sa sabi-sabi lang kaya sinadya niyang ilatag ang sarili bilang pain sa mga halimaw. Hindi niya namalayang sumunod sa kanya ang aking ama, na naging saksi sa nangyari nang gabing iyon."*

*"Ano po ang nakita niya?"*

*"Isang itim na pigura—na malakas at mabilis—ang umatake kay Lolo Lucio. Lumaban siya sa abot ng kanyang makakaya ngunit hindi talaga sapat ang lakas ng isang ordinaryong mortal laban sa halimaw. Sa awa ng Diyos, bago napatay si Lolo Lucio ng mga nilalang sa dilim, may mga dumating para tumulong."*

*"Sino po? Hindi rin naman kakayanin ng mga tagabaryo ang halimaw, Lola—"*

*"Mga kauri nilang nilalang sa dilim—na hindi basta pumapatay ng mga inosenteng mortal."*

*Nakaawang na ang bibig ni Crystal. Parang pelikula niyang nakikita sa isip ang eksenang sinasabi ni Lola Liway.*

*"Sa kuwento ng aking ama, kitang-kita niyang nagliyab ang katawan ng halimaw na umatake kay Lolo Lucio. Iyon ay pagkatapos na bumaon sa dibdib nito ang matulis na armas na ibinato ng isa sa mga bagong dating—na*

*naging tagapagligtas nila."*

*"Wow! Sino po sila?"*

*"Ang pamilyang dayo."*

*"Hindi pala sila masama?"*

*"Totoong kauri sila ng mga halimaw na nambibiktima ng mga tagabaryo; mga nilalang sa dilim na pumapatay para sa dugo. Pero ang pamilyang iyon ay mabubuti. Pinili nilang mamuhay nang tahimik. Ang hangad nila ay kapayapaan para sa mga mortal at sa gaya nilang mga naiiba. Sa pagkakaligtas ni Lolo Lucio, pinaabot niya sa mga tagabaryo na hindi lang pala ang pamilya ang mga dayo sa Maglinao. May isang grupo pang nagpapanggap na mga ordinaryong tao sa liwanag, ngunit sa pagkagat ng dilim, nagbabagong-anyo sila at pumapatay. Nalaman din ni Lolo Lucio na nasa Maglinao ang masamang grupo para sa isang misyon—ang patayin ang dayong pamilya."*

*"Nagawa ba nila iyon, Lola? Napatay nila ang mabait na pamilya?" Masasaktan siya kung sasabihin ni Lola Liway na namatay ang*

*tagapagligtas ni Lolo Lucio. Hindi iyon dapat. Mas tamang mamatay ang masasamang halimaw.*

*"Hindi, apo," anang Lola niya at ngumiti. "Ang pangyayari nang gabing iyon ang naging simula ng pagkakaibigan ni Lolo Lucio at ng dayong pamilya. Hindi man sila magkaintindihan sa salita, ang naging komunikasyon nila ay sa pamamagitan ng pagguhit at pagsenyas. Naiparating ng dayong pamilya ang mensahe kay Lolo. Si Lolo Lucio naman, katulong ang ama ko ay bumuo ng isang grupo na lalaban sa mga salot sa baryo. Nabuhayan ng loob ang mga mamamayan nang malaman nilang may kahinaan din pala ang mga tinatawag nilang halimaw. May kakampi na rin silang maaasahan, ang dayong pamilya na nagtataglay rin ng lakas at kapangyarihan ng kalaban nilang grupo."*

*"Nanalo po ba sina Lolo Lucio sa labanan?"*

*Nakangiting tumango si Lola Liway. "Nanalo sila. Pero pagkatapos ng labanan ay*

*umalis na rin sila para ibigay sa baryo ang katahimikan. Hindi lang pala ang limang halimaw na iyon ang kalaban ng pamilya, marami pang iba. Na kung hindi sila lalayo sa Maglinao, madadamay ang mga residente. Marami ang mamamatay."*

*Nanatiling nakikinig si Crystal.*

*"Tama nga sila, natahimik na ang Maglinao mula noon. Hindi na rin nagparamdam ang mga nilalang sa dilim."*

*"Ang pamilya po, saan sila nagpunta, Lola?" Parang hindi narinig ni Lola Liway ang tanong niya. Nagpatuloy ito sa pagkukuwento.*

*"Ayon sa aking ama, ang pangyayaring iyon ang naging rason kaya ginusto na ni Lolo Lucio na manirahan sa gitna ng gubat. Inaral daw nilang mag-ama ang mga itinuro sa kanila ng dayong pamilya tungkol sa pakikipaglaban sa mga nilalang sa dilim. Naging tahanan na nilang mag-ama ang gubat noon. Kaya hindi ka na dapat magtaka, apo, kung bakit narito rin tayo. Kabilin-bilinan sa akin ng ama ko noon*

*na huwag kong iiwan ang gubat—dahil maaaring bumalik ang dayong pamilya sa Maglinao at hanapin ang mga kapamilya ni Lolo Lucio. Naniniwala akong may magbabalik na dayo sa Maglinao sapagkat iyon ay nasa aking pangitain."*

*Namilog ang mga mata ni Crystal.*

*"Nagbalik na po sila?"*

*"Oo, apo," mahinang sabi nito. "Mahigit sampung taon na ang lumipas nang dumating dito ang inaasahan kong bisita—isang binata na may dalang mahigit isang taong gulang pa lamang na sanggol. Wala siyang ibang pangalang binanggit kundi ang pangalan ni Lolo Lucio. Hinawakan ko ang kamay niya at nakita ko ang pinagdaanan nila bago niya ako natagpuan. Sinadya niya ako para iwanan sa akin ang sanggol."*

*Napakurap-kurap siya. Pilit niyang itinaboy ang namumuong hinala sa isip.*

*"Kasama ng sanggol ang isang kuwintas at piraso ng papel na may nakasulat na mensaheng*

*wala akong kakayahang basahin. Nawala na siya pagkatapos no'n, apo."*

*Napasinghap si Crystal. Wala sa loob na kinapa niya ang locket pendant ng suot niyang kuwintas. Papabilis ang pintig ng puso niya.*

*"May nabanggit noon si Tatang na taong makakatulong kung dumating ang araw na magulo na ang lahat at kakailanganin ko ng impormasyon. Ibinilin niyang ang taong iyon ang lapitan ko—ang nagsilbing aking maestro. Siya ang nagturo at humasa ng aking kakayahan, apo. Marami siyang nalalaman na hindi basta ipinaaalam sa iba. Ibinigay ko sa kanya ang papel na galing sa nagdala sa akin ng sanggol. Malawak din ang kaalaman niya sa iba't ibang wika kaya nailipat niya sa lengguwahe natin ang mensaheng nakasulat sa papel."*

*"A-ano po ang mensahe?"*

*"Sanggol na pinili. Siya ang kahulugan ng liwanag. Sa pagdating ng kanyang tagapangalaga, lalabas ang tanda."*

*Nakamaang na lang si Crystal kay Lola Liway. May kutob siyang hindi niya gustong tanggapin agad na totoo.*

*Nagpatuloy ang matanda. "Saka ko lamang naintindihan ang kahulugan ng mensaheng iyon nang may makita ako sa aking pangitain noong unang pagkakataon na hinawakan ko ang maliit mong kamay."*

*Nakatitig nang mataman sa mga mata niya si Lola Liway nang gagapin nito ang kamay niya at hawakan. "Nakita kitang nakatayo sa harap ng salamin at nakatitig sa balat na nasa iyong dibdib."*

*"W-wala po akong balat sa dibdib, Lola."*

*"Wala pa sa ngayon," sabi nito at hinagod ang buhok niya. "Darating ang isang araw na magkakatotoo ang aking pangitain."*

*Hindi niya gustong isipin ang tinutungo ng usapang iyon.*

*"Ako po ang sanggol na iniwan sa inyo?"*

*Marahang tumango ang matanda. Masuyong hinagod nito ang pisngi niya.*

*"Karapatan mong malaman ang lahat, apo. At gusto ko rin na lagi mong itanim sa isip mo na mahal na mahal kita."*

*Napaluha si Crystal nang yakapin siya nito nang mahigpit.*

Ipinilig niya ang ulo at sa marahang kilos ay inabot sa mesita ang salamin. Tumayo siya mula sa papag at lumapit sa lamparang pinagmumulan ng liwanag sa silid. Sa marahang kilos ay ibinaba ni Crystal ang blusa niya habang nakatapat doon ang salamin.

Naroon na ang marka sa tapat ng kanyang puso.

# Chapter 2

TULALA si Crystal habang nakasandal sa pader. Nasa isang bahagi siya ng simbahan, katabi ang dustpan at walis. Siya ang naka-assign na maglinis sa loob at labas ng simbahan. Sa paligid na lang ng simbahan sa labas ang tatapusin niya.

Nawawalis niya at naiipon ang mga kalat sa paligid, pero ang parang kalat sa utak niya ay hindi na nawala. Huminto muna si Crystal para pagbigyan ang sariling matulala muna. Wala pa namang makakakita sa kanya, tulog pa ang mga kasamahan.

Lima silang mga alaga at anak-anakan ni

Hermana Ligaya, ang tumatayong lider sa lahat ng activities sa simbahan. Ang mga kasamahan nito, lulubog-lilitaw lang. Mas madalas na walang tutulong kaya nasanay na lang si Hermana na mag-isang kumilos at magdesisyon.

Hindi na bago ang magkanya-kanya sa Maglinao. Sa tingin nga niya ay himalang may bagong pari uli sila. Lahat kasi ng mga paring na-assign sa baryo, kung hindi mas piniling umalis ay napahamak. Para tumagal sa Maglinao, hindi yata sapat na malakas lang ang pananampalataya ng pari. Sa totoo lang, hindi niya alam kung anong katangian ang dapat mayroon ang pari sa lugar para magtagal. Sagad kasi talaga sa buto ang kasamaan ng maraming tao sa baryo. Ang sabi nga ni Hermana, ang maliit na liwanag sa baryo ay nagmumula na lang sa simbahan—na hindi rin nila alam kung hanggang saan magtatagal, kung pati ang pari ng baryo ay binibiktima ng mga walang kaluluwang

residente.

Sa kuwento ni Hermana Ligaya, dalaga pa ito ay naglilingkod na sa simbahan. Fifty-five years old na ito ngayon at tapat pa ring tagapaglingkod ng simbahan. Pag-aari nito ang lupang kinatatayuan ng simbahan, ang malaking bahay nito na luma man ang istraktura ay naalagaan kaya matibay pa rin. Bahay-kumbento, iyon ang tawag nila sa malaking bahay na kadikit ng simbahan at tirahan ng pari. May kanya-kanya rin silang kuwarto doon. Dati, nababakod ang paligid ng simbahan at ng bahay-kumbento. Hinayaan na lang ni Hermana Ligaya na masira, napapapagastos lang naman kasi ito. Pagkatapos kasing maayos ang bakod, sisirain lang ng mga siga, sisigaw-sigawan pa sila at tatakutin. Ang reklamo sa barangay, walang tinutungo. Tao pa nga ni Kapitan ang ilan sa basagulerong residente. Napagod na lang si Hermana Ligaya.

Sa pagdating ni Eli sa simbahan, hindi na

sila kinanti ng mga siga. Hinayaan na silang mamuhay nang tahimik. Nakapagbakod na uli sila nang hindi sinisira ng mga siga. Isa si Eli sa mga alaga ni Hermana Ligaya.

Si Crystal ay kinupkop ng hermana matapos mamatay si Lola Liway. May bilin daw ang matanda kay Hermana Ligaya kaya agad siya nitong tinanggap sa simbahan. Naging isa siya sa mga kabataang sinusuportahan nito ang pag-aaral sa bayan. Tagalinis siya ng simbahan at paligid niyon, tagabasa ng readings tuwing may Misa at choir na rin. Paborito rin siyang kasama ni Hermana sa pamamalengke, naaalala kasi niya ang mga nakakalimutan nito.

Si Divine ang isa pa nilang kasamahan. Magkasing-edad lang sila pero mas matangkad ito at malaking bulas. Siya ay slim na mukha raw nagda-diet pero hindi naman talaga, wala nga siyang pili sa pagkain. Kulot ang shaggy na buhok ni Divine samantalang sa kanya ay tuwid na tuwid at itim na itim ang

buhok na hanggang sa gitna ng likod. Perfect daw siyang gumanap na white lady sa play sabi ni Eli, huwag lang daw itutok sa mukha ang camera dahil mas papasa daw siyang anghel kaysa multo.

Gaya ni Crystal, wala na ring pamilya si Divine. Lumaki ito sa tiyuhing snatcher na nasa kulungan na. Lumapit si Divine sa simbahan noong wala nang mapuntahan. Sa kusina naman ang assignment ng kaibigan niya. Magaling magluto si Divine kaya naipapaubaya ni Hermana Ligaya rito ang kusina.

Si Eli naman, batang lumaking palaboy sa kalsada dahil sa pabayang ama. Pinakamatangkad ito sa kanilang tatlo kahit bata nang isang taon sa kanila ni Divine. Kung hindi shaggy ang buhok, semi-kalbo ang paboritong gupit. May tattoo ito sa braso at binti. Kung singer sila ni Divine sa choir, si Eli naman ang gitarista pero kapag nasa kalye, mukhang kasama sa grupo ng mga siga. Sa

batang edad ay nagtrabaho ito para suportahan ang may sakit na ina, napabilang sa grupo nina Adoy Siga na kilalang mapanganib na grupo sa Maglinao. Pero nang mamatay ang ina, lumapit si Eli kay Hermana Ligaya. Bilin daw ng ina nito bago pumanaw na ayusin ang buhay at magpakabuti. Ilang araw mula nang kupkupin ni Hermana Ligaya si Eli, napatay sa away-kalye ang lasing na ama nito. Tulad nila ni Divine ay ang simbahan na ang naging tahanan nito sa mga kasunod na araw. Si Eli ang alam niyang rason kaya tinigilan ng grupo ni Adoy Siga ang simbahan.

Si Magda naman, na model ang dating sa ganda ng mukha at katawan ay pakawalang babae na nagbebenta ng katawan dati. Ito ang may alam sa mga kalokohan ng kapitan nila. Alam nito ang kalat na prostitusyon sa Maglinao na mismong si Kapitan pa ang unang-unang kumikita. Nadaanan ni Hermana na dinudugo sa daan si Magda at

tinulungan. Nawala ang batang dinadala nito. Kinausap ni Hermana nang masinsinan ang babae at inalok ng bagong buhay sa simbahan. Nasa bayan si Magda at nag-aaral sa kolehiyo. Kasama nito ang itinuturing din nilang kuya—si Leoren.

Biktima naman ng pabayang mga magulang si Kuya Leoren. Campus crush naman ang dating nito. Ang pinakaguwapo sa simbahan—na kapag nag-assist daw sa pari ay nagsisimba ang lahat ng mga "alagang Magdalena" ni Kapitan, ayon kay Hermana Ligaya. Inabandona ito ng ina. Sa simbahan na ito umuwi at agad namang tinanggap ni Hermana Ligaya—dahil kamag-anak yata nito ang ina ni Kuya Leoren. Gaya ni Magda, nagkokolehiyo na rin ito sa bayan at nagbabantay sa computer shop na business ni Hermana Ligaya. Sa umaga ay bantay sa shop ang dalawa at sa gabi ay nag-aaral.

Sina Crystal, Divine, at Eli ay nakapagtapos na ng sekondarya. Hindi muna

sila nagkolehiyo dala ng kakulangan sa pondo. Hindi kakayanin ng hermana na sabay-sabay silang mag-aral. Mawawalan din daw ng tao ang simbahan. Sina Kuya Leoren at Magda na muna, tutal ay dalawang taong kurso lang ang kinuha ng mga ito at nasa huling taon na ang dalawa. Kapag graduate na ang dalawa, sila namang tatlo ang papasok sa kolehiyo.

Sa paglilingkod sa simbahan umiikot ang buhay nilang tatlo. Si Hermana ang kanilang ina-inahan at siyang namamahala sa lahat. Ang lider naman ng simbahan sa Maglinao ay ang bagong dating na pari, si Father Raze Christie.

Nag-iba ang pintig ng puso ni Crystal nang makita sa isip si Father Raze. Hindi niya maintindihan kung bakit hindi na nawala sa isip niya ang mukha nito noong una silang nagkita. Gustong isipin ni Crystal na dahil iyon sa edad nito. Batang-bata pa kasi ang pari. Ang layo ng edad at dating nito sa mga

naunang pari na nakilala niya sa Maglinao. Parang nasa thirty pataas lang ang edad nito. Hindi rin mukhang pari kapag hindi nagsuot ng alba at estola, mas mukhang artista o modelo. Pare-pareho silang limang kabataan sa simbahan na ganoon ang opinyon sa pari.

Napansin din ni Crystal na sobrang maputi si Father Raze. Hula niya, hindi purong Pinoy o kahit half-blooded na Pinoy ito. Mas mukhang foreigner kasi. Baka banyagang lumaki sa Pilipinas at nagpari, hindi niya alam. Ang malinaw lang, walang bakas ng pagiging banyaga ng dugo nito kung pagsasalita ang pagbabasehan.

Nagbalik sa isip ni Crystal ang una nilang pagkikita ni Father Raze.

*"DIVINE, ano na? Naihanda mo na ang hapag?" boses ni Hermana Ligaya nang pumasok ito sa kusina. Abala pa silang tatlo sa pagkilos sa kusina. Ideya ni Hermana Ligaya na*

*isabay ang selebrasyon ng debut niya sa pagdating ng bagong pari sa bahay-kumbento, para isang pagod na lang daw sila. Nataon kasi sa birthday niya ang pagdating ng pari.*

*Bago umalis kaninang umaga, mahigpit ang bilin ng hermana sa kanilang tatlo. Na ayusin nila ang paghahanda at huwag silang papalpak sa kusina. Si Divine na naman ang nasalang sa pagluluto, sila ni Eli ay mga alalay lang sa kusina.*

*"Okay na po," si Divine ang agad sumagot. "Ang bilin n'yo, ginawa namin nang walang labis at walang kulang, Hermana. Mission accomplished po. `Di ba, Crystal? Eli?"*

*"Handang-handa na po," sabay naman nilang sagot ni Eli.*

*"Puwede nang kumain?"*

*"Puwedeng-puwede na po!" si Divine uli.*

*"Salamat naman," si Hermana Ligaya na parang nawalan ng problema. "Maaasahan talaga kayong tatlo." Nakita nila ang pagngiti nito pagbaling sa mesa na handang-handa na.*

*Nakapagluto na ng apat na ulam si Divine—adobong baboy, sinigang na hipon, pritong tilapia, at ginataang malunggay na may sahog na native chicken. At ang para sa debut ni Crystal, isang bilao ng pansit guisado—pampahaba raw ng buhay.*

*"Eli, Crystal, nasa loob na ng simbahan si Padre. Puntahan n'yo na at tulungan sa mga gamit. Alam n'yo na ang kuwarto niya, doon ipasok ang mga dala niya. Walang iiwan sa simbahan, ha?"*

*Magkasunod silang kumilos ni Eli, pumasok sa pintong naglalagos sa simbahan. Ang labasan ng pintong iyon ay sa kanan ng altar. Nakasunod si Crystal kay Eli na mabilis naman ang mga hakbang.*

*"`Gandang umaga po, Padre," pagbati ni Eli na nagpaangat ng mukha si Crystal. Naudlot ang sana ay pagbati niya rin nang malipat sa pari ang titig niya. Nasa kaliwang gilid ito sa tabi ng altar, nakatingala sa malaking krus sa tapat ng altar.*

*Unang napansin ni Crystal ang matatag na tindig at ang tangkad nito. Pangalawa ang makinis at maputing balat. Pangatlo ang itim na itim na sunglasses.*

*Dalawa lang ang kasama ng pari, isang babae at isang lalaki. Mas bata ang lalaki, na may bitbit ng mga gamit nito. Ang babae naman ay mas bata siguro nang ilang taon kay Hermana Ligaya.*

*Hindi alam ni Crystal kung bakit napatitig siya sa mukha ng bagong pari nila—sa mga mata nitong hindi naman niya nakikita.*

*"Magandang umaga," sagot ng pari sa pagbati ni Eli. Lalong nalito si Crystal kung bakit lalong kumabog ang dibdib niya. Pakiramdam niya ay narinig na niya ang buong-buo at mababang boses nito kahit siguradong-sigurado siyang unang beses lang niyang nakita ang pari.*

*Nakatitig siya, kaya kitang kita ni Crystal ang marahang pagbaba nito ng tingin. Mula sa krus, bumaling kay Eli—at oo, literal yatang*

*huminto siyang huminga nang lumipat sa kanya ang titig ng pari. Nakasuot ito ng sunglasses at hindi niya nakikita ang mga mata pero ramdam na ramdam ni Crystal ang titig, hindi niya alam kung bakit.*

*"Kami na ho ang magdadala ng mga gamit sa kuwarto n'yo," si Eli at mabilis na kumilos, kinuha ang bitbit ng pari at ng babae. "Crystal!" Napansin yata nito na natulala siya. Napapitlag siya at agad ding kumilos—ang mga bitbit ng lalaking kasama ng pari ang kukunin niya pero tumanggi ito at sumunod na lang kay Eli. Mabigat daw ang mga dala nito.*

*"Sa kusina na raw po kayo," ang nasabi na lang ni Crystal. Kung nakita sila ni Hermana Ligaya, lagot siya. Tama bang matulala lang siya imbes na tumulong?*

*Sumunod na agad kay Eli ang dalawang kasama ng pari. Si Crystal ay hindi na kumilos, napahawak siya sa tapat ng puso. Bakit pamilyar ang kabog? Kabog iyon ng dibdib niya sa panaginip tuwing naroon ang anino.*

*Naramdaman ni Crystal ang paglapit ng pari—kahit walang tunog ang mga hakbang nito. Agad siyang nag-angat ng tingin. Gusto niyang umurong pero hindi sumunod ang mga paa niya. Para siyang napako. Hindi naman pala siya ang sadya nito kundi ang altar. Humalik ito roon bago marahang bumaling sa kanya.*

*Nakaawang ang mga labi niya habang nakatingin sa mukha nito. Hindi niya talaga kayang ipaliwanag ang nararamdaman. Bakit ganoon ang pintig ng puso niya?*

*"Good morning," bati nito sa kanya sa mabait na tono.*

*Saka pa lang siya natauhan talaga. Biglang atras siya nang isang hakbang. "G-good morning po, Father." Nag-bow siya bilang respeto. "Tuloy na lang po kayo sa kusina. Hinihintay po kayo ni Hermana Ligaya."*

*Tumango ang pari at ngumiti. Sa isip ni Crystal, bagay rito ang piniling propesyon. Maamo ang ngiti nito. Kung hindi siguro ito*

*naging pari ay malamang modelo ito o kaya ay artista. Ibang-iba ito sa mga naging pari ng Maglinao. Napadasal agad siya sa isip, na sana ay balutin ng Diyos ng proteksiyon ang bagong pari nila. Na hindi ito mapahamak habang nasa Maglinao.*

*Humakbang na ito para umalis pero pagkatapos ng tatlong hakbang ay huminto rin. Nakita ni Crystal na nagtanggal ito ng sunglasses bago lumingon sa kanya. Nagtama ang mga mata nila. Wala sa loob na napahawak siya sa tapat ng puso, parang binayo bigla ang dibdib niya. Unang beses iyon na nasa realidad at hindi sa panaginip ang ganoong pintig. Hindi handa si Crystal. Paano ba itago na sandali siyang nahirapang huminga?*

*Mas kumabog ang dibdib niya nang bumalik sa harap niya ang pari. Lalong hindi naintindihan ni Crystal ang epekto ng titig nito sa hearbeat niya. Mas dumiin ang paghagod niya sa tapat ng puso.*

*Pakiramdam niya, may isang malakas na*

*puwersang nagkulong sa kanila. Nakita rin niyang may nag-iba sa titig nito nang magtama ang mga mata nila. Kung tama ang kutob niya ay hindi lang siya ang nakaramdam ng kakaiba. Hindi pa nagkamali ni minsan ang pakiramdam ni Crystal.*

*"Ano'ng pangalan mo?" mababang tanong nito.*

*"C-Crystal po, Father."*

*"Ikaw ang debutant na binanggit ni Hermana?"*

*Tumango lang ang nagawa ni Crystal.*

*Tinawid nito ang isang hakbang pa nilang pagitan, umangat ang kamay at inilapat sa ulo niya. "Happy birthday, Crystal." Gusto niyang maniwala na may kapangyarihan ang hawak nito. Unti-unti kasing napayapa ang heartbeat niya sa ilang segundo lang na pagdantay ng kamay nito sa kanya. "God bless you."*

*Ilang minuto nang mag-isa si Crystal sa tabi ng altar ay hindi pa rin niya magawang tuminag.*

"Crystal?"

Napapitlag siya at wala sa loob na tumingin sa pinagmulan ng boses. Ang taong iniisip niya ang nasa pintuan ng simbahan sa gilid at nakatingin sa kanya. Bigla siyang tumuwid ng tayo, agad na kinuha ang walis at dustpan.

"Naglilinis po talaga ako, Father Raze!" biglang sabi niya, tunog-defensive.

Napatitig sa kanya ang pari—ang titig na hindi niya alam kung gugustuhin niya o hindi. Pakiramdam kasi ni Crystal, tumatagos sa pinakamalalim na bahagi niya ang titig na iyon. Ramdam na ramdam niyang nababasa siya nito.

"NAGLILINIS o nag-iisip?" kalmadong balik ni Father Raze sa kanya. Nakaitim na jeans ito at puting T-shirt. Kung hindi lang sa pendant nitong krus, maiisip niyang artista itong natulog nang isang gabi sa bahay-kumbento

at maagang nagising. "Ang layo ng tingin mo. Ano'ng problema?"

Bumuka ang bibig niya para sumagot pero wala siyang handang sabihin. Nag-pause tuloy siya na nakatitig sa mukha ni Father Raze. "May naisip lang po ako—" hindi na niya natapos. Nagtama ang mga mata nila at nawala na naman lahat ng impormasyon sa utak niya. Para siyang computer na biglang na-delete lahat ng data. Ramdam na naman niya ang kakaibang pagkabog ng dibdib.

*Ako ba? Iniisip mo ako, Crystal?*

Napaatras siya, nakaawang ang mga labi. Malinaw niyang narinig ang boses ni Father Raze pero hindi naman gumalaw man lang ang mga labi nito. Nakatitig sila sa mga mata ng isa't isa kaya sigurado siya.

Pero ang boses, ang linaw. Hindi siya magkakamali sa narinig niyang iyon.

Ipinilig niya ang ulo, pinilit na lang hindi pansinin ang boses. Tumalikod siya para magwalis na lang—o mas tamang sabihing

iwasan ang pag-uusap na iyon. Hindi nga lang natuloy ang pagtalikod niya. Narinig uli niya ang boses ni Father Raze.

*Nag-uusap pa tayo.*

Biglang lumingon siya, nakanganga pa. Alam ni Crystal na may kakaiba sa kanya, na may kakayahan ang kanyang isip na hindi taglay ng iba. Pero bakit si Father Raze ay parang nababasa rin ang iniisip niya sa pagtatama lang ng mga mata nila?

*Kayo po ba iyon?*

Titig lang ang naging sagot nito. Wala na siyang boses na narinig sa isip. Ibig sabihin, naririnig niya ang boses nito pero ang boses niya ay hindi nito naririnig?

"Sige po, Father, `linis na ako uli. Excuse me po," saka siya nagmamadaling umalis bitbit ang walis at dustpan. Metro pa ang layo nila ay nararamdaman pa rin niya ang titig nito.

NASANAY si Crystal na manatili sa loob ng simbahan sa lunch time. Pagkatapos kumain, sa loob na siya ng simbahan nagtatagal. Sina Eli at Divine, nagsisiesta sa kanya-kanyang kuwarto. Si Hermana Ligaya naman, kung nasa bahay-kumbento, kung hindi nananahi ay pinapalitan ang mga bulaklak sa simbahan.

Siya, nasa loob lang ng simbahan at nagdarasal. Sa isip ay kinakausap niya ang Diyos, nagkukuwento siya na parang magkatabi lang sila. Ang mahabang oras ng katahimikan, laging naghahatid sa kanya ng payapang pakiramdam.

Kasama sa ipinagdarasal ni Crystal ang katahimikan at kapayapaan sa baryo.

Sa kasalukuyan, wala man sa Maglinao ang mga nilalang na rason ng sagupaan ng dilim at liwanag na nasa kuwento ng lola niya, parang may digmaan pa rin. Wala man ang mga nilalang sa dilim na nasa alamat, nahaharap pa rin ang baryo sa totoong digmaan—digmaan ng mabuti at masama.

Sino nga naman ang mag-iisip na sa liblib at maliit lang na lugar kung ikukumpara sa lawak ng siyudad, ay kaliwa't kanan ang krimen at nakawan? Sino ang mag-iisip na pagdating ng gabi, sa bawat sulok ng kalye ay mga kabataang nagbebenta ng sarili? At sa bawat tagong eskinita ay laganap ang bentahan ng bawal na gamot. Sa umaga naman ay kaliwa't kanan ang nagsusugal sa bawat sulok.

Hindi na rin bago ang sagupaan sa kalye ng magkalabang grupo. May mga nasasaktan at namamatay, na inililibing na lang kasama ng mga alaala. Walang batas na sinusunod ang mga tao sa Maglinao. Ang hustisya ay inilalagay ng mga biktima sa sariling mga kamay dahil walang hustisyang aasahan sa mga awtoridad.

Ang kapitan na si Benito Magno, napagod na siguro sa kakasugpo sa lahat ng kaguluhan, kaya kumampi na lang sa mga dapat nitong pinarurusahan. Ito na mismo ang usap-

usapang pasimuno sa pagtutulak ng droga at siyang may-ari ng bahay ng prostitusyon sa baryo. Ang impluwensiya at kapangyarihan din nito ang dahilan kung bakit hindi lumalabas ang anumang impormasyon tungkol sa mga nangyayari sa Maglinao; sa baryo na rin lang namamatay ang imbestigasyon. Batas ang salita ni Kapitan Ben. Ang sinumang sumalungat at nagtangkang kumalaban rito ay basta na lang nawawala sa Maglinao.

Maihahalintulad ni Crystal sa isang malaking pugad na balot ng kadiliman ang Baryo Maglinao. Ang tanging maliit na sinag ng liwanag ay nagmumula sa simbahan—at doon siya kabilang. Iyon ang mahigpit na ibinilin ng lola niya, na kapag wala na ito ay doon siya sumilong. Ang simbahan ang gusto ni Lola Liway na maging tahanan niya.

Pumikit siya at itinuloy ang panalangin sa isip. Mayamaya lang, nagmulat din siya ng mga mata nang may kakaibang naramdaman.

May mga matang ramdam niyang nakatutok sa kanya. At base sa pag-iiba ng pintig ng kanyang puso, nahulaan na niya kung sino ang may-ari ng mga matang iyon.

*Father Raze?*

# Chapter 3

LUMINGON si Crystal sa front door ng simbahan. Nakita niyang naglalakad na palapit si Father Raze, nakasuot ito ng sutana at sunglasses. Umalis itong kasama ni Hermana Ligaya kaninang umaga. Hindi niya alam na nakabalik na pala ito.

Umupo ang pari sa upuan sa likuran niya. Wala sa loob na hinagod ni Crystal ang dibdib para ipanatag ang puso.

Hindi man umimik si Father Raze, ramdam niyang nasa kanya ang atensiyon nito. Hindi nakatiis si Crystal, lumingon siya. Nasa kamay niyang nasa dibdib ang tingin

nito.

"May nararamdaman kang masakit?"

Sa paraan ng paghagod niya sa dibdib, mukha nga siyang may iniindang sakit doon. Umawang ang mga labi niya pero hindi naman niya nahanap sa isip ang tamang sagot. Kung uumpisahan niyang magsalita, baka saan pa umabot ang kuwento niya at maguluhan sa kanya ang pari. Hindi niya gustong dumagdag pa sa marami nang inaalala nito sa Maglinao.

"W-wala po, Father," ang pinili niyang sabihin at nagbawi ng tingin. Ibinalik niya sa altar ang tingin. Sa Diyos na lang niya sasabihin ang marami niyang inaalala. "Parang medyo mabigat lang."

"Hindi ka nagsasabi ng totoo."

Hindi siya umimik. Paano ba dapat magsinungaling sa taong ramdam mong parang kitang-kita ang buong pagkatao mo? Nakakakaba ang pakiramdam na nababasa siya nang tama ni Father Raze. Ano'ng

mayroon ito para magawa ang hindi nagagawa ng ibang mga kasama niya? At lalong kinakabahan siya na ni hindi nga sila magkakilala man lang para magkaroon ng ganoon kalalim na koneksiyon.

Pinili ni Crystal na hindi na lumingon.

"Crystal?"

Napapikit siya. Mas tamang magsabi na lang talaga ng totoo.

"Minsan po talaga, parang masakit na ang heartbeat ko," mahina niyang sabi. "`Yong bigat ng puso ko, parang hindi na nawawala kahit pa gising na ako. May kakaiba po kasi akong panaginip na may kirot akong nararamdaman sa puso." Nakatutok ang tingin niya sa altar.

Totoong mula kaninang madaling-araw na nagising siya, hindi na naging normal ang tibok ng kanyang puso. Mas tumindi pa ang kaba niya matapos makita ang balat sa dibdib, sa bahaging kumikirot sa panaginip niya. At sa hindi niya maintindihang dahilan, pati ang

presensiya ni Father Raze ay naghahatid din ng kakaibang kabog sa puso niya.

"Panaginip," ulit nito, hindi tonong nagtatanong. "Ano'ng panaginip `yan?"

Huminga nang malalim si Crystal. Natatakot siyang magsinungaling sa alagad ng Diyos at sa loob pa mismo ng simbahan. Pinili na niyang lumingon sa pari pero hindi siya tumingin nang deretso sa mga mata nito. Sa pendant nitong krus huminto ang titig niya.

"Sumasakit po ang dibdib ko sa panaginip. Paggising ko, parang gano'n pa rin."

"Puwede kong malaman ang scene sa dream mo?"

"Nasa gubat po ako. Gabi. Maliwanag ang buwan. Naririnig ko ang boses ni Lola Liway, `tapos may anino."

"Bakit sumasakit ang dibdib mo sa gano'ng scene?"

"Hindi ko po alam, eh. Baka sa takot, sa kaba… `di ko talaga alam. Basta po may

nakikita akong anino—black figure po, Father. Nakatalikod sa akin pero `pag ando'n siya, sobrang lakas at bilis ng heartbeat ko. Kasunod no'n, parang may kutsilyo nang tumutusok sa dibdib ko at tumatagos sa puso. Hindi lang po isang beses kong napanaginipan `yon."

Hindi ito umimik.

"Ang totoo po, marami akong hindi maintindihan sa sarili ko."

"Hindi payapa ang isip at puso mo?"

"Mula po nang mawala si Lola Liway, hindi na."

"Marami kang inaalala?"

"Sana nga po, puwedeng pigilan."

"Hindi puwedeng pigilan pero puwede mong itaas sa Kanya," mababang sabi nito. "Gagaan ang puso mo."

Naramdaman ni Crystal na nakatayo na si Father Raze sa tapat ng upuan niya. Bumaling siya at nag-angat ng tingin. Nagtama ang mga mata nila. Pumitlag na naman ang puso niya

pero hindi niya naramdaman ang parang nagpaparusang pintig. Inabot kasi nito ang ulo niya at marahang inilapat ang kamay.

Naramdaman niya ang unti-unting pagkalma ng kanyang pakiramdam.

Kung ang titig nito o ang maingat na hawak ng kamay ang may kakayahang magpakalma, hindi alam ni Crystal. Ang malinaw lang, gusto niya ang ganoong kapayapaan.

NAKAUPO si Father Raze sa gilid ng kanyang kama at nakatitig sa isang direksiyon. Malalim siyang nag-iisip. Paulit-ulit niyang naririnig ang mga sinabi ni Crystal tungkol sa panaginip nito. Ang inilahad na eksena ng babae, karugtong ng panaginip niya—na hindi rin unang pagkakataon na dinalaw siya.

Teenager pa lang, may kakaiba na siyang panaginip na hindi malinaw ang eksena.

Nakikita lang niya ang sarili na nasa gubat at may hinahanap, na hindi rin niya alam kung ano o sino. May naririnig siyang babaeng umiiyak at doon na siya nagigising.

Bago ang pagdating niya sa Maglinao, sa gabi ng birthday niya, naging buo na ang eksena. At hindi na rin sa isang gabi lang ang panaginip. Sa mga unang panaginip niya, wala pang mukha ang babae. Nang nagdaang gabi lang niya nakilala ito—bagay na lalong dumagdag sa pagkalitong nararamdaman niya.

*Nakita ni Father Raze ang sariling naroon na naman sa pamilyar na lugar. Matatayog ang mga puno sa paligid. Ang mga dahon ay sumasabay sa mabining ihip ng hangin. Gubat? Maliwanag ang buwan kaya ang sinag niyon ay lumalagos sa pagitan ng mga dahon ng puno, tinatanglawan siya.*

*Napakatahimik…*

*Hindi niya alam kung ano ang ginagawa niya roon pero ang sigurado, may hinahanap*

*siya. Mabilis ang pintig ng puso niya na para bang kanina pa siya naroon—palinga-linga, naglalakad hanggang sa tumatakbo na siya at naghahanap.*

*Pero sino ang naroon?*

*Sino ang hinahanap niya para mag-alala siya?*

*May narinig siyang mga hikbi. Pamilyar ang paghikbing iyon ng isang babae. Hindi unang beses niyang narinig. Palinga-linga siya habang bumabagal ang pagtakbo. Hinahanap niya ang pinagmumulan ng pag-iyak. Nasaan ang babae? Bakit nasa gubat sa kalaliman ng gabi?*

*Napatingin siya sa isang direksiyon. Doon nagmumula ang mga hikbing naririnig niya. Sa bawat paghakbang niya, mas lumalakas ang pag-iyak ng babae na para bang nararamdaman nito ang paglapit niya.*

*Dumaing ang babae sa pagitan ng pag-iyak, na para bang sinasaktan ito. Papalakas ang pag-iyak, ganoon din ang nasasaktang pag-ungol. Tumakbo na siya palapit, nakita niya ang*

*babae. Umiiyak ito at hawak ang dibdib, nahihirapan. Madilim man at nakatalikod ang babae, agad niyang nakilala ito. Hindi siya maaaring magkamali. Isang babae lang ang pumupukaw ng ganoong pintig sa puso niya.*

*Naging pamilyar na ang kabog na iyon kapag nasa malapit ito. Naging malinaw na rin sa kanya na mas buhay ang ganoong pintig kapag nagtama ang mga mata nila.*

*"Crystal?"*

*Doon siya nagising nang hinihingal.*

Napapikit si Father Raze kasunod ang paghinga nang malalim. Ang eksena sa kanyang panaginip, lalong dumagdag sa gulo ng isip niya.

Bakit si Crystal ang nakita niya sa panaginip? Hindi man ito nag-angat ng mukha, sigurado siyang ang babae ang nasa gubat. Hindi niya iisiping ibang tao base sa kakaiba niyang pakiramdam kapag nasa malapit ito.

Si Crystal ang babae sa panaginip niya

nang nagdaang gabi. Ang ibig sabihin, ito rin ang matagal nang tauhan sa mga hindi buong eksena sa mga panaginip niya mula pa noon. Si Crystal ang hinahanap niya sa hindi malinaw na dahilan.

Bakit si Crystal?

Bago siya dumating sa Maglinao, hindi pa niya kilala ang babae. Bakit niya makikita ito sa panaginip? Ano ang mayroon ito? Ano ang paliwanag sa koneksiyong hindi niya maintindihan? Bakit pakiramdam niya ay may koneksiyon ang mga nakaraan nila?

Napahagod si Father Raze sa batok. Ang napaghandaan niyang daratnan sa Maglinao, ang *sakit* ng baryo. Hindi kasali si Crystal sa listahan niya ng mga dapat tutukan sa pagsisimula ng kanyang misyon.

Kailangan niya ng katahimikan. Lumipat siya sa may ulunan ng kama at sumandal sa unan na nasa headboard. Ipinikit niya ang mga mata at taimtim na nanalangin.

"INIISIP n'yo pa rin ba ang bilang ng taong nagsimba, Padre?"

Bumaling si Father Raze kay Hermana Ligaya na naupo sa tabi niya. Napansin yata nito ang madalas niyang katahimikan. Tumutok din ang mga mata nito sa altar. Nasa unang upuan sila ng simbahan nang sandaling iyon.

Unang Misa iyon, umaga ng Linggo na mahigit sampung tao lang ang dumating sa simbahan; wala ni isang porsiyento ng populasyon sa Maglinao. Hindi siya umalis ng simbahan pagkatapos ng Misa; pinili niyang manalangin nang paulit-ulit.

Binanggit na sa kanya ni Hermana Ligaya na bilang na bilang lang ang mga taong nagsisimba. Ang sabi pa nito, iyon lang talaga ang mga tao sa Maglinao na kinikilala pa ang Diyos. Nagbigay-babala rin ang hermana na hindi sila makakakaasa ng pagtanggap sa mga taong sarado ang utak. Abala raw sa paggawa ng kasalanan ang karamihan.

Umabot din sa kaalaman ni Father Raze ang tungkol sa dalawang grupo ng mga kabataang nag-riot. Unang gabi niya iyon sa baryo, si Eli ang nagbigay sa kanya ng detalye. Natutuwa siya sa teenager. Hindi nito ikinahihiya ang nakaraan, na isa ito sa miyembro ng grupong binanggit. Si Eli rin ang nagkuwento sa kanya ng tunay na mukha ng Maglinao. May pahapyaw mang impormasyong nakarating sa kanya tungkol sa lugar na susunod niyang destinasyon, iba pa rin pala kapag sa mismong residente ng baryo nagmula ang kuwento.

Narinig din niya ang isang bersiyon ng kuwento tungkol sa mga naunang pari. Isa sa mga paring iyon ay namatay—nang walang nagpatunay sa totoong nangyari. Ang sinabing dahilan ng kamatayan ay aksidente; nasunog ang katawan nito sa loob ng sariling kotse.

*Maikli ang naging pahayag ni Eli. "Walang ebidensiya kaya mahirap magsalita, Padre."*

*Nakita niya ang lungkot sa mga mata nito. "Sa Maglinao, batas ho ng mga makapangyarihan ang nasusunod. Walang boses dito ang mga mahina. Ang mga nagtatangkang lumaban, nawawala na lang."*

*"Ano'ng alam mo sa nangyari kay Father Fino, Eli?"*

*"Alin ho sa dalawa si Father Fino—`yong nabugbog o `yong naaksidente? Wala pa ako no'n dito sa simbahan. Busy pa akong lumaban sa kalye para mabuhay."*

*"`Yong naaksidente."*

*"Ah, `yong mahigpit at matapang," sabi ni Eli at tumingala sa kalawakan. "Hindi siguro siya naniwala sa pagkahalimaw ng mga tao rito. Nagpakita ng tapang at lumaban—`ayun, naaksidente."*

*"`Tingin mo, aksidente ang nangyari?"*

*Bumaling sa kanya si Eli. "No'ng naging miyembro ako ng grupo ni Adoy, saka ko na lang ho narinig ang kuwento, Padre. Hindi raw talaga magtatagal dito iyon."*

*"Bakit daw?"*

*"Si Kapitan daw mismo ang kalaban. Plano yatang ipaabot sa labas ang nangyayari dito. `Ayun, baka kinulang na siya siya sa oras. `Lakas ng koneksiyon niyang si Kap, `di lang halata kasi painom-inom lang sa kanto at mukhang bangag." Tumawa si Eli. "Totoo yata ang tsismis na kamag-anak `yan ni Hermana Ligaya kaya hindi niya kinakanti ang simbahan."*

*"Naniniwala kang pinatay si Father Fino?"*

*"Kung ang basehan ay ang pagkademonyo ng mga tao rito, sigurado ho ako. Kaya kayo ho, kailangan n'yong magdoble ingat. Walang pinipili ang mga hayup dito, Padre. Mas ligtas pa kayo kung `yong dating grupo ko ang makakabangga n'yo. Kung si Kapitan o `yong kalaban naming grupo, delikado. `Sama n'yo ho ako `pag may lakad kayo sa labas."*

Wala na sa tabi ni Father Raze si Eli ay hindi niya pa rin nagawang kumilos sa puwesto. Mabigat na responsibilidad ang

dapat niyang pasanin. Tungkulin niyang itama ang maling landas na tinatahak ng mga tao sa baryo. Gagawin niya ang makakaya para gamutin ang sugat ng Maglinao. Sinimulan niya nang umagang iyon ang taimtim na panalangin para sa mga residente.

"Kung bibigyan lang ng oras ng mga residente ang pakikinig sa Mabuting Balita, may magbabago sa Maglinao. Matutulungan ko silang itama ang mga mali nilang ginagawa. Hindi ako naniniwalang wala nang pag-asa ang baryong `to, Hermana."

"Hindi kilala ng karamihan dito ang Mabuting Balita, Padre. Abala silang magkalat ng kasamaan."

"Ilalapit natin sa bawat bahay ang Mabuting Balita."

"Maganda ang intensiyon n'yo pero mas maiging magsanay muna kayo sa lugar bago magbahay-bahay, Padre. Hindi lang mga basagulero ang mga kabataan dito, demonyo na ang iba—patawad sa masamang salita pero

iyon ang totoo."

Napatitig na lang si Father Raze sa altar. Kung milagro ang kailangan sa Maglinao, paulit-ulit niyang iluluhod ang paghingi ng isang milagro.

Nagpaalam na si Hermana Ligaya. Nanatili siya sa loob ng simbahan, paulit-ulit ang panalangin sa isip. Alam ni Father Raze na hindi niya kakayaning mag-isa ang misyon, lalo na ngayong parang hindi na niya kilala ang sariling katawan. Marami siyang mga bagong pakiramdam na nagdadala ng kahinaan.

Mayamaya ay may kakaiba siyang naramdaman. Ramdam niya ang pagtitig ng kung sino. Alam niyang may mga matang nakatutok na sa kanya.

"Crystal," kusang lumabas sa bibig niya ang pangalan. Hindi niya alam kung paanong nangyayari na nararamdaman niya ang babae malayo o malapit man. May mga pagkakataon pa na naririnig niya sa isip ang

boses nito.

Sa unang pagtatama pa lang ng mga mata nila noong dumating siya sa Maglinao, iba na ang pakiramdam na hatid sa kanya ni Crystal. Sobrang pamilyar nito na naisip niyang nagkita na sila. Ang lakas din ng pakiramdam niyang kilala niya ito—kahit hindi naman talaga. May koneksiyon silang hindi niya maintindihan. Koneksiyon na ang lakas ng hatak sa kanya.

Ginawa ni Father Raze ang gagawin ng sino mang nasa posisyon niya—ang piliting itaboy ang ganoong pakiramdam. Hindi nga lang nawawala. At habang tumatagal na nakikita niya ang babae, parang mas nagbubukas pa ang kung anumang nasa pagitan nila—na para bang naghahandang lamunin siya.

Pakiramdam niya, panipis nang panipis ang harang sa pagitan nila. At sa sandaling bumagsak iyon, makikita niya ang sagot sa marami niyang tanong. Unang-unang

nagpapagulo sa isip niya ang magkarugtong nilang panaginip. Paano naging posible iyon kung walang misteryosong koneksiyon na nagdudugtong sa kanilang dalawa?

Sa nakikita niyang pagtitig sa kanya ni Crystal na parang maraming tanong na gustong ibato, ramdam niyang kagaya rin niya ang babae na naguguluhan sa mga nararamdaman.

Nagdaragdag pa sa marami niyang inaalala ang paglala ng mga masamang pakiramdam. Kung hindi lang sa resulta ng annual checkup niya mismo sa ama—na walang anumang problemang nakita sa mga blood test niya, iisipin ni Father Raze na may sakit na siya.

Wala siyang sakit. Maayos ang lagay ng kalusugan niya nang dumating siya sa Maglinao. Kaya ang paglala ng mga masama niyang pakiramdam, hindi niya mahanapan ng paliwanag. Araw-araw na parang nadaragdagan ang panghihina niya. Maayos naman ang kain niya pero parang hindi sapat;

parang hindi tinatanggap ng katawan niya. Isa pang inaalala niya, ang pagiging biglang sensitibo ng mga mata niya sa sinag ng araw. Kailangan niyang magsuot lagi ng dark sunglasses o buong araw nang malala ang sakit ng ulo niya. Papatindi rin ang pagsakit ng sikmura niya sa hatinggabi. Wala siyang problema sa acidity dati. Malala rin ang umaatakeng pagkauhaw na kasunod niyon—na pitsel-pitsel nang tubig ang nauubos niya, hindi man lang naiibsan. May ibang hinahanap ang lalamunan niya.

Palala nang palala ang masamang pakiramdam. Salamat sa kakayahan ng kanyang isip at sa bisa ng taimtim na panalangin, nagagawa niyang tapusin ang bawat araw na hindi siya nawawalan ng malay.

Nilingon ni Father Raze ang spot na inaasahan niyang naroon si Crystal. Naroon nga ang babae, tahimik na nakatingin sa kanya habang hawak ang dustpan at walis-

tambo. Tumayo siya at deretso ang mga hakbang palapit kay Crystal—na wala sa plano niyang gawin. Para lang siyang hinatak ng malakas na puwersa at huli na para pigilan pa. Huminto siya dalawang hakbang na lang ang distansiya nila.

"Good morning po, Father."

Narinig niya ang pagbati, na sinagot lang niya ng pagtango. Pakiramdam niya ay gumalaw ang mundo at naging blurry ang paligid. Naging malabo ang imahe ni Crystal bago ang parang pag-adjust ng sense of sight niya sa partikular na parte ng katawan nito—sa gilid ng leeg. Blurred ang imahe ni Crystal pero malinaw na malinaw sa mga mata niya ang gilid ng leeg ng babae na parang doon tumutok ang lahat ng pandama niya.

Malakas ang pag-atake ng ibang pakiramdam na umahon sa loob niya. Gusto niyang biglang lumapit at ilapat ang bibig sa leeg ni Crystal. Sa paglapat na iyon, walang hirap niyang maibabaon ang mga ngipin sa

balat nito hanggang sa malasahan ng dila niya ang dugo…

Bumilis at lumakas ang tibok ng kanyang puso. Ang dugo niya, parang biglang sumabog at mabilis na kumalat para bigyang-linaw ang isang pakiramdam—sobrang pagkauhaw.

*Oh, God—no!*

Bigla ang pag-atras niya nang dalawang hakbang. Ramdam ni Father Raze ang paggiwang ng tayo niya. Hindi pa rin malinaw ang mundo sa mga mata niya nang tumalikod siya at mabilis na lumayo kay Crystal.

Parang rambol ang bilis ng heartbeat niya pagkapasok sa sariling kuwarto. Umatake na naman ang pagsakit ng kanyang sikmura. Napasandal siya sa inilapat niyang pinto. Naghabol siya ng hininga habang pinipilit maging malinaw ang paningin.

Ano ang nangyayari sa kanya? Bakit naisip niyang sugatan ang leeg ni Crystal at sipsipin

ang dugo nito?

*Dugo.*

Mas bumilis at lumakas ang pintig ng puso niya. Hindi niya gustong tanggapin sa sarili ang lumilinaw na niyang pakiramdam—na hindi talaga tubig ang magpapawala sa masidhi niyang pagkauhaw.

Dugo ang kailangan niya.

Dugo ni Crystal.

Mas tumindi ang sakit ng sikmura kasabay ang umahong panghihina na hindi niya maintindihan kung saan nanggagaling.

Pinigil niyang umungol. Parang sumagad na ang kahinaan na kinailangan na niyang gumapang para madala ang sarili sa kama. Hindi na siya umabot. Paulit-ulit siyang nanalangin hanggang sa tuluyang nagdilim ang kanyang mundo.

## *Other available books by Victoria Amor*

Xantha
Mine
Yours
Forever, Love
Father Raze

**_Buy books here:_**

Facebook.com/WhimsicalBooksPh
Shopee.ph/WhimsicalBooksPh

**_Listen to FREE audiobooks:_**

YouTube.com/@AlabStories

**_You may download book previews here._**